

TAMA BA PARA SA IYO ANG ISANG CLINICAL TRIAL?



Ang mga klinikal na pagsubok (clinical trial) ay naglalayong humanap ng mga paraan upang mapabuti ang pangangalaga at kalidad ng buhay para sa mga taong apektado ng kanser at iba pang mga sakit. Gagabayan ka ng impormasyong ito sa proseso ng pagsali sa isang clinical trial at makakatulong sa pagtatanong sa iyong pangkat ng mga manggagamot.

Ano ang mga pakinabang ng pakikilahok sa isang clinical trial?

- Access sa mga paggamot o pagsusuri na hindi pa nagagamit.
- Ang mga paggamot na sinusubukan at sinusuri ay maaaring gumana nang mas mahusay kaysa sa mga kasalukuyang opsyon na iyong magagamit.
- Mahigpit ang pagsubaybay sa clinical trial, pangangalaga at suporta mula sa espesyalistang pangkat ng mga doktor, nars at coordinator sa clinical trial.

Ano ang mga hindi mainam na bahagi sa paglahok sa isang clinical trial?

- Ikaw ay maaaring makaranas ng hindi kasiya-siya, malubha o nagbabanta sa buhay na mga epekto ng mga eksperimentong paggamot.
- Ang paggamot na sinusubukan ay maaaring hindi gumana nang mas mahusay kaysa sa iyong kasalukuyang magagamit na mga pagpipilian.
- Maaaring kailanganin mong gumawa ng mga karagdagang pagbisita para sa mga pag-review, pagsusuri at pag-scan.

Ano ang may-kaalamang pagsang-ayon (informed consent)?

Ibibigay at tatalakayin ng iyong clinical trial na pangkat ang lahat ng impormasyon sa iyo tungkol sa clinical trial. Ang impormasyong ito ay makikita rin sa iyong '**patient informed consent form**' o form ng pasyente para sa may-kaalamang pagsang-ayon. Upang makatulong na magpasya kung ang clinical trial ay tama para sa iyo, hinihikayat ka naming:

- Talakayin ang 'patient informed consent form' sa isang miyembro ng pamilya o sa iyong general practitioner (GP).
- Gamitin ang kalakip na checklist na 'Mangyaring Magtanong sa Amin' upang pag-isipan ang mga tanong na maaaring gusto mong itanong sa iyong susunod na appointment.

Pagkatapos nito, kung magpasya kang makilahok sa clinical trial, hihilingin sa iyo na basahin at lagdaan ang isang 'form ng pasyente **para sa informed consent**' bago sumali. Nangangahulugan ito na ikaw ay:

- May **alam** tungkol sa clinical trial, dahil nabigyan ka ng lahat ng impormasyon na kailangan mo upang makatulong na magpasya kung ang isang clinical trial ay tama para sa iyo, sa isang wikang nauunawaan mo.
- Nagbigay ng **pahintulot** na makilahok sa clinical trial, pagkatapos maunawaan ang lahat ng impormasyon sa clinical trial.

Ano ang mangyayari kung sasabihin mong, "Hindi, ayaw kong makilahok"?

Maaari kang magsabi ng "hindi" sa pakikilahok sa clinical trial. Ang pagsasabi ng "hindi" ay hindi makakaapekto sa iyong paggamot o relasyon sa iyong doktor.

Ano ang mangyayari kung sasabihin mong, "Oo, gusto kong makilahok"?

Kung sasabihin mo ang "oo" sa pakikilahok sa clinical trial, hihilingin sa iyo ng doktor sa clinical trial na lagdaan ang 'form ng pasyente para sa informed consent'.

Ano ang pagiging karapat-dapat?

Ang lahat ng mga clinical trial ay may isang hanay ng mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat na kailangang matugunan ng mga pasyente bago sumali sa isang clinical trial.

Maaaring kabilang sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat ang edad, medikal na kasaysayan at kasalukuyang katayuan ng kalusugan.

Ang mga pamantayang ito ay ipinaiiral upang matiyak na ang mga pasyente na mas malamang na makakaranas ng malubhang epekto ay **hindi malalagay sa panganib**.

Kapag iyong nalagdaan na ang 'form ng pasyente sa para sa informed consent', mayroon kaming pahintulot mula sa iyo na magsagawa ng mga pagsusuri o pag-scan upang makita kung ikaw ay karapat-dapat.

Ang paglagda sa 'form ng pasyente para sa informed consent' ay **hindi** ginagarantiya na makakasali ka sa clinical trial. Dapat mong matugunan ang lahat ng pamantayan sa pagiging karapat-dapat bago ka makatanggap ng paggamot sa clinical trial.



Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa mga clinical trial, mangyaring makipag-usap sa iyong doktor. Kung gusto mo o ng iyong pamilya ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga available na clinical trial, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email sa: **research@monashhealth.org** o telepono sa: **9594 4611**.



MANGYARING MAGTANONG SA AMIN...

Ang pagtatanong ay isang mahalagang bahagi ng 'may-kaalamang pagsang-ayon (informed consent)'.

Nagbigay kami ng ilang katanungan na maaari mong itanong sa iyong pangkat ng clinical trial. Maaari ka ring magkaroon ng sarili mong mga tanong na maaari mong isulat sa kabilang pahina.

Tanungin ang iyong doktor...

- Tungkol saan ang clinical trial na ito?
- Available ba sa akin ang iba pang mga clinical trial?
- Maaari ba akong makakuha ng paggamot sa clinical trial nang hindi nakikibahagi sa clinical trial?
- Kung hindi ako makikibahagi, anong paggamot ang makukuha ko?
- Ano ang mga pakinabang sa pakikibahagi sa clinical trial na ito?
- Ano ang mga hindi mainam o panganib ng clinical trial na paggamot?

Ano ang mangyayari kung makakakuha ako ng sinusubukang paggamot (trial treatment)?

- Ano ang nalalaman na tungkol sa clinical trial na paggamot?
- Anu-ano ang mga uri ng paggamot ang inaalok sa clinical trial na ito?
- Malalaman ko ba kung anong paggamot ang makukuha ko?
- Paano ibibigay sa akin ang aking clinical trial na paggamot?
- Maaari ko bang ipagpatuloy ang gamit ng paggamot matapos ng clinical trial?
- Ano ang mangyayari kung sasama ang pakiramdam ko o may mali sa clinical trial?
- Ano ang mangyayari kung ang paggamot sa clinical trial ay hindi nakakatulong sa akin?
- Maaari ko bang ipagpatuloy ang pag-inom ng aking kasalukuyang mga iniresetang gamot o alternatibong therapy?

Tanungin ang iyong nurse o coordinator...

- Sino-sino ang magiging pangkat ng mga manggagamot sa clinical trial para sa akin?
- Sino ang maaaring tutulong sa akin sa mga tanong o alalahanin habang ako ay nasa clinical trial?
- Ano ang mangyayari sa aking mga resulta sa clinical trial?
- Isasapubliko ba ang mga resulta?

Ano ang mangyayari sa aking personal na impormasyon?

- Paano pinoprotektahan ang aking privacy?
- Gagamitin ba ang aking pangalan kasama ng aking impormasyon sa clinical trial?
- Sino ang makakakita sa impormasyong ibibigay ko bilang bahagi ng clinical trial?
- Ano ang mangyayari sa aking impormasyon kung aalis ako sa clinical trial?

Ano ang mangyayari sa akin kung sasali ako?

- Kung sasali ako sa isang clinical trial ngunit nagbago ang isip ko, paano ako titigil?
- Ano ang ilalaang oras na kasama dito?
- Kailangan ko bang gumawa ng anumang karagdagang mga pagsubok (tests) o pamamaraan (procedures)?
- Magkakaroon ba ako ng mga karagdagang gastos kung makikibahagi ako sa clinical trial?
- Maaari ba akong magkaroon ng clinical trial na paggamot o mga procedure na mas malapit sa aking tahanan?
- Ligtas ba para sa akin o sa aking kapareha na magpasuso o mabuntis habang nakikibahagi?
- Kinakailangan ba akong gumamit ng pampigil sa pagbubuntis (contraception) habang nakikibahagi?

